Department of **Education**
GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

# Impormasyon sa landas ng karera (career pathway) para sa mga kabataang may kapansanan

## Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

Lahat ng kabataan ay hinihikayat na pagsikapan ang kanilang mga mithiin, magsagawa ng mapaghamong pag-aaral at bumuo ng mga plano sa landas na tatahakin (pathway) upang matagumpay na lumipat sa mas mataas na edukasyon, karagdagang pagsasanay, at/o makabuluhang trabaho.

Isa sa 6 na Australyano ay nabubuhay na may kapansanan. Tulad ng lahat ng empleyado, ang mga taong may kapansanan ay may dinadalang hanay ng mga kasanayan, kakayahan at kwalipikasyon sa lugar ng trabaho at nagtatrabaho sila sa malawak na hanay ng mga trabaho. (Sanggunian: Job Access)

Ang pagkakaroon ng trabaho ay nagpapalawak sa mga social network, nagpapataas ng antas ng pamumuhay at nagdaragdag ng kalayaan sa pananalapi at pagpapahalaga sa sarili.

Ang mga pamantasan, TAFE at iba pang mga tagapagbigay (providers) ng pagsasanay ay nag-aalok ng hanay ng mga kwalipikasyon kasama ang mga suporta, na iniakma sa mga indibidwal na pangangailangan, upang matiyak ang pag-access at pagiging kasama (inclusion).

| Mga mapagkukunan ng impormasyon | |
|---|---|
| **Myfuture** | Ang myfuture ay nagbibigay ng mga mapagkukunan ng impormasyon upang tuklasin ang buong hanay ng mga landas sa karera at mga oportunidad. Kabilang dito ang mga gamit sa pagpapalawak ng kaalaman sa sarili upang makatulong sa pagpaplano ng karera at paggawa ng desisyon.<br><br>Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga https://myfuture.edu.au/assist-your-child |
| **Ang Iyong Karera** | Ang tahanan (home) ng impormasyon tungkol sa karera kabilang ang impormasyon sa industriya at pagtatrabaho https://www.yourcareer.gov.au/<br><br>Suporta para sa mga huminto sa pag-aaral (school leavers) na may kapansanan https://content.yourcareer.gov.au/sites/default/files/2022-12/Support-for-school-leavers-with-disability.pdf |

CC BY
Exclusions may apply

| | |
|---|---|
| **myWAY Employability** | Ang myWAY Employability ay tumutulong sa mga kabataang autistic na pangasiwaan ang kanilang kinabukasan at maghanda para sa buhay nagtatrabaho. https://www.mywayemployability.com.au/ |

D23/0567739
Pebrero 2023

Exclusions may apply

| Mga mapagkukunan ng impormasyon | |
|---|---|
| **Disability Gateway** | Ang Disability Gateway ng Pamahalaan ng Australya ay isang serbisyong nakatuon sa pagtulong sa mga taong may kapansanan, kanilang mga pamilya at tagapag-alaga, upang makahanap ng pagkakatiwalaang impormasyon at kumonekta. sa mga serbisyo sa kanilang lugar. Ito ay:<br>• may kasamang website, isang nakatuong 1800-numero ng telepono at mga social media channel<br>• para sa lahat ng Australyanong may kapansanan, kalahok man sila ng National Disability Insurance Scheme (NDIS) o hindi<br>• may balangkas ng hanay ng mga paksa kabilang ang edukasyon, pagtatrabaho, kita at pananalapi, kalusugan at kagalingan, araw-araw na pamumuhay at mga karapatan at legal.<br>https://www.disabilitygateway.gov.au/ |
| **Disability Employment Services (DES)**<br><br>**Job Access**<br><br>**Mga Provider ng DES** | Ang DES ay serbisyo sa pagtatrabaho ng Pamahalaang Australya at nagbibigay ng tulong at suporta sa pagtatrabaho upang matulungan ang mga taong may kapansanan na makakuha ng trabaho at manatiling nagtatrabaho.<br><br>Ang Job Access ay ang pambansang hub ng impormasyon tungkol sa lugar ng trabaho at pagtatrabaho para sa mga taong may kapansanan, na pinagsasama-sama ang impormasyon at mga mapagkukunan na maaaring 'maghimok ng trabaho para sa may kapansanan'.<br>https://www.jobaccess.gov.au/<br><br>Maghanap ng Provider: https://www.jobaccess.gov.au/find-a-provider |
| **National Disability Insurance Scheme (NDIS)** | Ang pamamaraan ng NDIS ay nagsasaalang-alang sa kalalabasang pang-habambuhay, namumuhunan sila nang maaga sa mga taong may kapansanan at mga batang may pagkaantala sa pag-unlad upang mapabuti ang kalalabasan ng kanilang buhay sa kalaunan. https://www.ndis.gov.au/ |
| **NDIS**<br>**Mga Suporta sa Pagtatrabaho para sa Huminto sa Pag-aaral (SLES - School Leaver Employment Supports)** | Ang pagsasama ng SLES sa plano ng NDIS ay tumutulong sa mga kalahok na lumipat mula sa paaralan patungo sa trabaho at magagamit sa mga huling taon ng pag-aaral at pagkatapos na pagkatapos huminto sa pag-aaral.<br><br>Ang mga provider na naghahatid ng mga suporta sa pagtatrabaho para sa isang taong huminto sa pag-aaral ay tumutulong sa mga kabataan na maghanda, maghanap at makakuha ng trabaho. Nagbibigay sila ng makabuluhan, inakma sa indibidwal na mga aktibidad sa pagkakaroon ng kakayanan upang makamit ng mga kabataan ang kanilang mga layunin sa trabaho.https://www.ndis.gov.au/providers/working-provider/school-leaver-employment-supports |
| **NDIS**<br>**Paghahanap, pananatili at pagpapalit ng trabaho** | May kasamang impormasyon tungkol sa:<br>• iniisip at pinag-uusapan ang trabaho<br>• paghinto sa pag-aaral<br>• pagiging handa sa trabaho<br>• pagboboluntaryo.<br>https://www.ndis.gov.au/participants/finding-keeping-and-changing-jobs |

CC BY Exclusions may apply